rgrc

Responsible Gaming Resource Centre

Bakit mahalaga na makausap ang aking tinedyer (lalabintaunin) tungkol sa pagsusugal.

Responsible Gambling Council

Ano ang kailangang malaman ng aking tinedyer?

- Ang pagsusugal ay hindi paraan para kumita ng pera: Ang mga gawain/aktibidad na pinagkakaloob ng mga casino, karerahan, binggohan, internet sites o loterya ay naka-disenyo para karamihan ng tao ay matalo sa malaon at madali.
- Ang kaibahan ng high-risk at low-risk na pagsusugal:

  Ang mga taong nasa hustong edad na nagsusugal na nalalagay sa mataas na antas ng panganib ay nawawalan ng pagpapasya na ito ay isang laro o pampalipas oras lamang. Sa tingin nila ang pagsusugal ay isang paraan para kumita ng pera. O sa isip nila mayroon silang espesyal na suwerte o abilidad. Madalas, kapag sila ay natalo, lalo silang tumataya at pumupusta upang mabawi lahat ng naipatalo nila.

  Ang mga taong nasa hustong gulang na nagsusugal nasa mababang antas ng panganib ay yaong natural na sumusunod sa mga prinsipyong hindi nakapipinsala na pagsusugal. Ang tingin nila sa sugal ay isang libangan lamang. Para sa kanila ang maliit na natalo ay ang halaga lamang ng isang gabi ng pag-aaliw-tulad ng halaga ng tiket sa sine o isang bayarin sa restoran.
- Ang Problemadong Pagsusugal ay maaaring humantong sa seriyosong kinahinatnan. Kasama dito ang pagkawala ng pera, patong-patong na utang, pagkasira ng bokasyon at pagkawala ng kaibigan o pamilya.

Alam ba ninyo? Sa karaniwan, ang kabataang nagsusugal ay nag-uumpisa sa edad na 13.*

*Responsible Gambling Council (2007). Teen Gambling in Ontario: Behaviours and Perceptions Among 15 to 17 Year Olds

"Ngunit ang aking anak ay napakabata para mag sugal!"

Nakalantad sa mga bata araw-araw ang mga larawan ng pagsusugal, sa TV, sa internet o sa tao mismo at sa mga tindahan. Kahit na ang anak mong lalaki o babae ay napakabata pa para magsugal ng legal, mahalaga na talakayin ang isyu. Bakit?

- Ang mga tinedyer na malapit na sa wastong gulang ay maaaring piliin ang magsugal ng legal
- Maraming tinedyer ang nagsusugal na–maaaring pumusta lang sa larong hockey o sa larong baraha, ngunit ito ay maaari pang lumalala at maging seryoso
- Kapag ang tinedyer ay umabot sa edad 18, sila ay nasa pinakamataas na antas ng peligro o panganib na magkakaproblema

Alam ba ninyo? Mahigit sa 1/3 ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Ontario na nasa pagitan ng 15 hanggang 17 ay nakapagsugal na sa loob ng nakaraang taon?*

Paano ko sila mapangangalagaan

Ang mga tinedyer na nakakaintindi na ang pagsusugal ay may kasamang panganib ay maliit ang tsansang magkaproblema sa sugal. Maaring hindi matanto ng mga magulang na kahit minsan ay hindi lantarang pinag-uusapan ang pagsusugal, na sila ay nagpapahiwatig ng mensahe ukol sa sugal sa pamamagitan ng kanilang sariling asal o pagkilos: maaaring bumubili sila ng tiket loterya, naglalaro ng bingo o bumibisita sa casino. O di sila kailan man nagsugal. O gumagastos sila ng malaking pera sa pagsusugal at pagsisisihan ito sa bandang huli.

Makipagusap ng tuwiran sa iyong tinedyer tungkol sa pagsusugal at ihayag ng lantaran ang eksaktong mensahe ninyo.

Alam ba ninyo? Humigit-kumulang 3.9% ng mga tinedyer na may karanasan sa pagsusugal ay nagkakaproblema sa sugal.*

Nakakagulat na 63% ng edad 18-24 sa isang bagong pagsusuri ay naniniwalang ang kanilang tsansang manalo ay 50/50 o higit pa

Paano ko uumpisahan ang pag-uusap?

Narito ang ilang mga tips na makakatulong umpisahan ang pag-uusap tungkol sa mga panganib ng pagsusugal...

- **Humanap ng oras para ilahad ng natural ang paksa:**
  Huwag ipilit ang isyu. Makipagusap sa iyong tinedyer matapos makakita ng komersyal tungkol sa pagsusugal o alamin kung sila ay may kaibigan o kapamilyang nanalo o natalo ang pera sa sugal.
- **Magtanong muna:** Alamin kung ano ang ideya o nararamdaman ng iyong tinedyer tungkol sa pagsusugal bago magbigay ng impormasyon o maglahad ng sariling kuro-kuro.
- **Magpasensiya:** Maaring umabot sa maraming diskusyon bago maintindihan ng iyong anak ang mga ideya na nais mong ipasiwalat.

IKung ikaw ay balisa tungkol sa iyong pagsusugal o sa pagsusugal ng isang taong malapit sa iyo, ikaw ay makakakuha ng tulong o makakahingi ng mga sagot sa pamamagitan ng pagtawag sa:

ONTARIO PROBLEM GAMBLING HELPLINE
1-888-230-3505
Libre. Lihim. Anonymous. 24/7.

Para sa karagdagang impormasyon-kasama ng mga materyales para mabasa ng iyong tinedyer o upang makita ang maraming lokal na mga bagay na mapakikinabangan at makakatulong sa problemang kaugnay ng pagsusugal, mangyaring bumisita sa:

www.responsiblegambling.org

Sentro ng Pamamaraang Responsableng Paglalaro (Responsible Gaming Resource Centre)

Ang Sentro ng Pamamaraang Responsableng Paglalaro (RGRC), natatagpuan mismo sa mga palaruan ng OLG sa ibayong Ontario ay nagbibigay ng mga patron na may impormasyon sa ligtas, hindi nakapipinsalang pamaraan ng pagsusugal. Gayundin, ito ay tumutulong at lokal na nagtutukoy para makatulong sa may mga problemang kaugnay ng pagsusugal. Ang mga sentro na pinatatakbo ng konseho sa Responsableng Pagsusugal ay independiyente at lahat ng impormasyong binibigay sa RGRC ay lubos na konfidensyal.

Konseho sa Responsableng Pagsusugal (Responsible Gambling Council)

Ang Responsible Gambling Council (RGC) ay isang independiyenteng hindi nakikinabang (non-profit) na konseho at naninindigan para sa prebensyon ng problema ng pagsusugal. Ang RGC ay nagdidesenyo at naghahatid ng napaka-epektibong programang nagpapamulat.
Sa pamamagitan ng RGC Centre for the Advancement of Best Practices, ang konseho ay nagtataguyod/nagsusulong ng pagkakakilanlan at adapsyon ng pinakamagaling na mga kasanayan sa prebensyon ng problema ng pagsusugal.

www.responsiblegambling.org